# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 10, 2022, LUNES, IKA-9:37 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 02042022 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED By: Date: 04 FEB 2022 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 038-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 42-T2021 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 3-T2021 NG BARANGAY DUHAT, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGDARAGDAG NG P3,000.00 ANG HONORARIA NG LAHAT NG KASAPI NG SANGGUNIANG BARANGAY, MGA KONSEHAL, SK CHAIRMAN, KALIHIM AT INGAT YAMAN AT HALAGANG P2,500.00 PARA SA PUNONG BARANGAY PARA SA TAONG 2022.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Duhat sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 42-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 3-T2021 na nagdaragdag ng halagang P3,000.00 ang Honoraria ng lahat ng Kasapi ng Sangguniang Barangay, mga Konsehal, SK Chairman, Kalihim at Ingat-Yaman at halagang P2,500.00 para sa taong 2022;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay;

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang 42-T2021 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 3-T2021 na nagdaragdag ng halagang P3,000.00 ang Honoraria ng lahat ng Kasapi ng Sangguniang Barangay, mga Konsehal, SK Chairman, Kalihim at Ingat-Yaman at halagang P2,500.00 para sa taong 2022.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Sangguniang Barangay ng Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Enero 10, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan 01-28-22